

butas sa lalim na 15 cm. paikot sa puno ng kape at ilagay ang abono. Takpan ng lupa para hindi mawala sa hangin.

Mga peste at sakit ng kape

Ang mga pangunahing pesteng kulisap ng kape ay Coffee Berry Borer at Coffee Leaf Folder. Kolektahin at ipunin ang mga may nasirang bunga pagkaraan ng pamimitas. Puluting lahat ang mga makikitang bunga sa lupa upang mahinto ang inog ng buhay ng mga insektong ito. Magbomba ng pestisidyo sa pagitan ng 14-21 araw na pagitan kung matindi ang paninira.

Ang mga pangunahing sakit naman ay Coffee Rust at Die Back. Ang Coffee Rust ang pinakalawak maminsala sa mga sakit ng kape. Magbomba ng copper fungicides tuwing 2-3 linggo sa pagsisimula ng tag-ulan upang di makakalat ang sakit.

Pag-aani

Sa pag-aani ng kape, isa-isang pinipili ang mga hinog na berry upang hindi masira ang kalidad ng kape. Ang mga beans na sapat ang pagkakahinog ay matinkad na pula ang kulay at malambot na ang balat.

Pagpoproseso

Una munang pinapalutang ang mga napitas na berries sa tubig upang maihiwalay ang mga puno at siksik na beans. Ito ang mga berries na lulubog. Ibinibilad sa araw at Inilalatag sa konkretong bilaran at hinahalo sa tuwina hanggang sa umabot sa 12 percent MC. Gumamit ng depulping machine upang maalis ang balat kapag natuyo na.



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng High Value Crops Development Program (HVCDP)

Inihanda ng HVCDP, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Department of Agriculture
Regional Field Unit 3
City of San Fernando, Pampanga



High Value Crops
Development
Program



Pag-aalaga ng
KAPE

Pag-aalaga ng Kape

Ang kape ay isa sa mga mahalagang halamang pang-industriya na pinagkakakitaan ng malaki ng mga magsasaka. Kasama ang kape sa mga produktong pang-agrikultura na nais palaguin at pagyamanin ng Department of Agriculture sa ilalim ng High Value Crops Development Program nito. Malaki ang potensiyal ng kape bilang produktong panluwas (export crop).

Ang kape na ating iniinom ay mula sa bunga ng puno ng kape na kasama sa pamilya ng halamang (Coffea) Ang puno ng kape ay lumalaki mula 5 hanggang 15 metro ang taas kung hindi puputulin. Ang dahon ay luntian, makintab na mula 10 hanggang 15 cm. ang haba at may lapad na 6 cm.

Mga uri ng Binhi

Arabica (Coffea arabica) Karaniwan itong itinanim sa matataas at nalililimang lugar. Self pollinating ito kung kaya halos pare-pareho ang laki ng bunga. Inaabot ng 6 hanggang 8 buwan pagkabuo ng berries bago ito anihin.

Robusta (Coffea canephora) Tumutubo ang barayti na ito sa mga lugar na hindi tumutubo ang Arabica, kung kaya halos $\frac{3}{4}$ ng mga tanim na kape sa buong mundo ay Robusta ang tinanim. Inaabot ng 9 hanggang 11 buwan pagkabuo ng berries bago anihin ito.

Barako (Coffea liberica) Hindi gaanong malawakan ang taniman nito. Sa mga lalawigan lang ng Cavite at Batangas ang may tanim ng barayting ito.

Lupa at Klima

Kailangan ng kape ang matabang lupa na may kakayahang humawak ng tubig. Ang tipo ng lupa ay mula clay loam hanggang clay na lupa na hindi gaanong naalis dahil sa erosyon. Ang kailangang pH o asim ay mula 5.5 hanggang 6.5.

Katamtamang klima sa kape ay 21°C sa gabi hanggang 26°C sa araw. Kailangan ang sikat ng araw para sa photosynthesis.

Pagpaparami ng kape

May tatlong paraan sa pagpaparami ng puno ng kape.

1. Mula sa buto – pumili ng mga magulang na mga buto ng kape na kinakitaan ng resistensiya sa sakit at peste. Ipunla ang mga buto sa nursery. Ang kalahating kilo ng buto ay sapat na sa isang ektarya. Magdagdag ng 20 porsyento bilang panghulip kung may mamatay sa mga tanim.
2. Asexual o Cloning- Maaring gumamit ng cuttings o cloning upang maparami ang kape. Pag-ugatin ang ilang sanga (marcotting). Kapag lumabas na ang ugat, ilipat sa plastic bag na may lupa at alagaan hanggang sa maari nang itanim.
3. Tissue Culture – Ito ay isang bago at mabilis na paraan sa pagpaparami ng kape. Napapanatili nito ang kalidad ng puno. Kailangan lang na isagawa ito sa laboratoryo.

Paghahanda ng Lupa

Araruhin ang lupang tataniman ng kape. Gumamit ng pamatay damo kung talahiban o kogonan. Huwag sunugin ang mga damo.

Pagtaniman ng kape

Magtanim ng nakalinya ang mga puno ng kape. Lagyan ng mga istaka o palatandaan ang pagtataniman ng punla. Sundan ang boundary ng lupa. Gumawa ng butas na may sukat na 4 x 4 m. hanggang 5 x 5 m. Ihiwalay ang top soil sa subsoil sa paghuhukay. Lagyan ng compost at abono ang mga butas. Takpan ang mga butas. Maglipat tanim kapag ang punla ay may 6 na buwan na o kung may 6 na parehas ng dahon. Siksikin ang pinagtaniman ng punla.

Pag-aalaga sa taniman ng Kape

Alisan sa tuwi-tuwina ang mga damong tumutubo sa taniman upang masugpo ang mga sakit lalo na kung maglalagay ng abono. Aagaw pa ito sa mga sustansiyang makukuha sa lupa.

Pruning

Ang layon ng pruning ay alisin ang mga sanga at dahon ng kape na hindi napakikinabangan at malimitihan ang pagtaas nito para sa mas madaling pamimitas. May tatlong klase ng pruning:

1. Twig pruning- inaalisan ang mga tuyong, baluktot at may sakit na sanga.
2. Desuckering- inaalisan ang mga maliliit na sanga at usbong sa pinakapuno ng kape.
3. Detopping- pinuputol ang pinakaitaas na bahagi ng puno ng kape upang hindi tumaas.

Pag-aabono

Maglagay ng 180 kg. Nitrogen; 90 kg. Phosphorous; at 180 kg. ng Potassium sa bawat isang ektaryang taniman ng kape. Maghukay ng apat na